Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
**PENRO Marinduque**

June 30, 2022

**MEMORANDUM**

**FOR** : **The Regional Executive Director**
DENR, MIMAROPA Region

**THRU** : **The ARD for technical Services**

**FROM** : **The OIC, PENR Officer**

**SUBJECT** : **RESOLUTION AND MINUTES OF THE 2nd PAMB EN BANC MEETING OF THE MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY (MWS) FOR CY 2022.**

Respectfully endorsed are the resolutions and the corresponding minutes of the 2nd Protected Area Management Board (PAMB) En Banc Meeting of the Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) conducted on June 24, 2022 at PENR Office Conference Hall, Capitol Compound, Brgy. Bangbangon, Boac, Marinduque

For information, evaluation and approval

**IMELDA M. DIAZ**

June 29, 2022

**MEMORANDUM**

FOR : **The OIC, PENR Officer**
Boac, Marindque

FROM : **The Protected Area Superintendent**
Marinduque Wildlife Sanctuary

SUBJECT : **RESOLUTION AND MINUTES OF THE 2nd PAMB EN BANC MEETING OF THE MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY (MWS) FOR CY 2022**

We are respectfully submitting the resolutions and the corresponding minutes of the 2nd Protected Area Management Board (PAMB) En Banc meeting of the Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) conducted on June 24, 2022 at PENRO Conference Hall, Capitol, Compound, Brgy. Bangbangalon, Boac, Marinduque, to wit:

| Resolutions No. | Title |
|---|---|
| 2022-004 dated June 24, 2022 | **RESOLUSYON UPANG PAGTIBAYIN ANG KAPASIYAHAN NANG HINDI PAGBIBIGAY NG CLEARANCE O PAHINTULOT NA PAYAGAN NANG MAI-RENEW ANG DATING FOREST LAND GRAZING MANAGEMENT AGREEMENT (FLGMA) SA PANGALAN NI G. SANTIAGO S. ILAGAN NG BARANGAY SIHI, BUENAVISTA, MARINDUQUE AT KUNDISYON NA MAIBABA AT MATANGGAL NA NG PERMANENTE ANG LAHAT NG URI NG MGA HAYOP GAYA NG BAKA, KAMBING, KALABAW, KABAYO AT IBA PANG PAG-AARI NILA, GAYUNDIN ANG PAGBABAWAL SA PAGPAPASTOL NG MGA HAYOP NA PAGMAMAY-ARI NG IBANG TAO SA LOOB NG PINANGANGALAGAANG-POOK O MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY.** |
| 2022-005 dated June 24, 2022 | **RESOLUSYON UPANG KILALANIN AT TANGGAPIN NG KAPULUNGAN O PAMB ANG NAGING ACCOMPLISHMENT NG PROTECTED AREA MANAGEMENT OFFICE (PAMO) PARA SA UNA AT IKALAWANG KWARTER NG UNANG SEMESTRE PARA SA TAONG 2022.** |

For information and record.

**EMETERIO M. RECTO**

# KATITIKAN NG IKALAWANG REGULAR NA PAGPUPULONG NG MGA KASAPI NG PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (*PAMB*) EN BANC NG MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY (MWS) NA GINANAP NOONG IKA–24 NG HUNYO, 2022 SA PENRO CONFERENCE HALL, CAPITOL COMPOUND, BANGBANGALON, BOAC, MARINDUQUE

| | PANGALAN | POSISYON/AHENSYA/BARANGAY |
|---|---|---|
| **MGA DUMALO:** | | |
| 1. | Kgg. Restituto L. Pabalat | Punong Barangay, Malbog, Buenavista *(Presiding Officer)* |
| 2. | Kgg. Dante M. Marinduque | Punong Barangay, Sihi, Buenavista |
| 3. | Kgg. Delfin R. Fellizar | Punong Barangay, Devilla, Santa Cruz |
| 4. | Kgg. Aristeo R. Rodil | Punong Barangay, Makulapnit, Santa Cruz |
| 5. | Kgg. Sabino R. Rojo | Punong Barangay, Malibago, Torrijos |
| 6. | Kgg. Jessie R. Peralta | Punong Barangay, Nangka, Torrijos |
| 7. | Kgg. Reden G. Fidelino | Punong Barangay, Sibuyao, Torrijos |
| 8. | Kgg. Lito M. Montiano | Barangay Kagawad, Binunga, Boac *(Rep.)* |
| 9. | Kgg. Christito Macayaon | Barangay Kagawad, Hinapulan, Boac *(Rep.)* |
| 10. | Kgg. Raquel L. Mirambil | Barangay Kagawad, Tumagabok, Boac *(Rep.)* |
| 11. | Kgg. Johnny C. Francisco | Barangay Kagawad, Bagtingon, Buenavista *(Rep.)* |
| 12. | Kgg. Alejandro Napigkit | Barangay Kagawad, Antipolo, Gasan *(Rep.)* |
| 13. | Kgg. Milton J. Magaling | Barangay Kagawad, Tiguio, Gasan *(Rep.)* |
| 14. | Gng. Neljoy B. Ilagan | Project Dev'l Officer II,PGDH-PG ENRO *(Rep.)* |
| 15. | G. Melvin Vitto | MENRO, LGU Buenavista *(Representative)* |
| 16. | Gng. Michaela T. Rongavilla | Chief, PAMBCS, *(Rep. of RED Loremelyn E. Claudio) via zoom* |
| 17. | G. Gerardo M. Jamilla | Sr. Tourism Operations Officer, Prov'l Tourism Office *(Rep.)* |
| 18. | Engr. Ryan Pastoral | MPDC, LGU Torrijos *(Representative)* |
| 19. | Dr. Doreen R. Mascareñas, Ph. D. | Director, Extension Services of MSC *(Academe)* |
| 20. | Gng. Elizabeth E. Manggol | Secretariat Head, MACEC-*(NGO)* |
| 21. | Bb. Jell Mariel P. Riego | MENRO Aide, LGU Santa Cruz *(Representative)* |
| 22. | G. Rolinio S. Sajul | Chairman, CBFM-PO |
| 23. | G. Kieth Paolo Buenaventura | KS II, DOST-Marinduque *(Representative)* |
| 24. | PCPT Aldrin Mutya | AGPCADU, PNP-MPPO *(Representative)* |
| 25. | G. Romeo M. Davalos, Jr. | SWMPO, LGU Boac *(Representative)* |
| **MGA HINDI DUMALO:** | | |
| 1. | Cong. Lord Allan Jay Q. Velasco | Speaker, House of the Representatives<br>Congressman, Lone District of Marinduque |
| 2. | Kgg. Victoria L. Lim | Punong Bayan, Mun. of Gasan, Marinduque |
| 3. | Kgg. Enrique P. Landig | Punong Barangay, Balagasan, Boac |
| 4. | Kgg. Gerry M. Malubag | Punong Barangay, Bayuti, Boac |
| 5. | Kgg. Crisostomo N. Monterey | Punong Barangay, Boi, Boac |
| 6. | Kgg. Alex N. Montiano | Punong Barangay, Canat, Boac |
| 7. | Kgg. Rolando P. Sapallo | Punong Barangay, Duyay, Boac |
| 8. | Kgg. Alejandro P. Opis | Punong Barangay, Tambunan, Boac |
| 9. | Kgg. Benjamin P. Larga | Punong Barangay, Tugos, Boac |
| 10. | Kgg. Rizal L. Basco, Jr. | Punong Barangay, Tabionan, Gasan |

| | | |
|---|---|---|
| 11. | Kgg. Teodoro R. Ramos | Punong Barangay, Masalukot, Santa Cruz |
| 12. | Kgg. Bernardo P. Pastoral | Punong Barangay, Tambangan, Santa Cruz |

**MGA IBA PANG DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| 1. | Emeterio M. Recto | Sr. ECOMS/Protected Area Superintendent-MWS |
| 2. | Alvin L. Pergis | Ecosystems Management Specialist II, PAMO-MWS |
| 3. | Sherwin M. Milaya | Technical Support Staff/IT (JO), PAMO-MWS |
| 4. | Jason Michael S. Leynes | Park Ranger, PAMO-MWS |
| 5. | Regie C. Patulot | Park Ranger, PAMO-MWS |
| 6. | Arnolfo M. Lazo, Jr. | Forest Protection Officer, PAMO-MWS |
| 7. | Elena M. Parañaque | Forester I, CDS, DENR-PENRO Marinduque |
| 8. | Junmuel P. Regio | Statistician I, LGU Santa Cruz |
| 9. | Jhon Elbert M. Garay | CE, Zoning Officer I, LGU Boac |
| 10. | John Russel Perlada | SK Chairman, Nangka, Torrijos |
| *11.* | Allen Ablang | Staff, DENR MIMAROPA Region *(via zoom)* |

## I. PAGBUBUKAS NG PROGRAMA

Ang ikalawang regular na pagpupulong ng mga kasapi ng *Protected Area Management Board (PAMB)* ng Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) para sa taong 2022 ay isinagawa sa pamamagitan ng *face to face* at via *zoom.* Ito ay sinimulan sa pamamagitan ng isang panalangin at sinundan ng sama-samang pag-awit ng Lupang Hinirang gamit ang *Audio-Visual Presentation (AVP).*

Sa pagpapatuloy ng programa, si Forester Emeterio M. Recto, *Protected Area Superintendent (PASu)* ang nagbigay ng pagtanggap na pananalita *(Welcome Remarks)* na kung saan ay ipinaabot niya ang kaniyang mainit na pagbati at pasasalamat sa lahat ng nagsipagdalo via *face to face* at *thru zoom* sa ngalan ni RED Lormelyn E. Claudio. Kaniya ring inihingi ng paumanhin ang hindi pagdalo ni RED Lormelyn E. Claudio na may equally important event na dinadaluhan at PENR Officer Imelda M. Diaz. Ipinagbigay alam din niya sa kapulungan na sa araw na iyon ay may kasabay ding ginaganap ang turnover ng Balogo Port sa DENR na dinaluhan ng PENR Officer Diaz at ng iba pang kawani ng ahensya.

Si DMO III Michaela T. Rongavilla, Chief, PAMBCS buhat sa Regional Office ang nagbigay ng *inspirational message* (via zoom) na kung saan ay binati niya ang lahat ng nagsipagdalo sa pagpupulong. Ihiningi din niya ng paumanhin ang hindi pagdalo ng kasalukuyang *Regional Executive Director* ng MIMAROPA at *Chairperson* ng MWS-PAMB na si RED Lormelyn E. Claudio dahil mayroon itong *equally important meeting* na dinadaluhan. Kaniya ring ipinaabot sa kapulungan ang kanyang pasasalamat dahil sa aktibong partisipasyon ng mga kasapi ng Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS)-Protected Area Management Board (PAMB). Ayon sa kaniya, ang MWS-PAMB ay isa sa pinakaaktibong PAMB sa mga protected area ng MIMAROPA at ito rin ang lagi nilang ipinagpapasalamat dahil mayroong katuwang ang DENR sa pagpapatupad ng mga programa nito. Aniya, hindi magiging madali ang trabaho ng DENR kung hindi katuwang ng ahensya ang mga LGUs at iba pang ahensya ng gobyerno. Ipinaala-ala din niyang ang likas yaman ng Marinduque ay para sa kanila at sa kanilang mga anak kung kaya't hiniling niya sa kapulungan na patuloy itong pangalagaan at proteksyunan. Sa huli, muli niyang ipinaabot ang kanyang pasasalamat at ang paghikayat sa kapulungan na panatilihin ang aktibong partisipasyon nito sa protected area.

## II. **PAGPUPULONG NG PAMB**

### A. **Panimula ng pagpupulong**

Ang pagpupulong ng *Protected Area Management Board (PAMB) En Banc* ng *Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS)* ay pinasimulan sa pangunguna ni PASu Emeterio M. Recto, Kalihim ng PAMB sa ganap na ika-10:00 ng umaga.

Sa kadahilanang hindi nakadalo ang RED at *Chairperson* ng PAMB, ang kapulungan ay nagsagawa ng pagpili ng magiging Pansamantalang Tagapangulo mula sa hanay nang nagsipagdalong kasapi batay sa umiiral na alituntunin at kasunduan ng pamunuan. Si Kgg.Restituto L. Pabalat, Punong Barangay ng Malbog, Buenavista ang nahirang na maging Pansamantalang Tagapangulo *(Presiding Officer)* ng isinasagawang pagpupulong.

Malugod naman niyang tinanggap ang kahilingan at bilang panimula ay binasa niya sa kapulungan ang magiging daloy ng pagpupulong.

### B. **Pagtitiyak ng Korum**

Ang korum ay tiniyak ni ECOMS II Alvin L. Pergis sa pamamagitan ng pagtawag ng pangalan ng mga personal na nagsipagdalong kasapi ng PAMB at gayundin ang mga naka-join *via zoom.*

### C. **Pagbabasa/pagsusuri ng katitikan ng mga nakaraang pagpupulong**

Iminungkahi ng tumatayong Pansamantalang Tagapangulo na basahin na lamang nang tahimik ang nakaraang katitikan ng pagpupulong ng PAMB na ginanap noong ika-03 ng Marso, 2022 sa *Dewey Hotel & Restaurant*, Barangay Maharlika, Santa Cruz, Marinduque at gawin ang pagtatama nito sa bawat pahina na sinang-ayunan naman ng nakararami.

Ang Pansamantalang Tagapangulo ay nagsimula ng pagtatanong sa kapulungan para sa kanilang mga obserbasyon o komento sa nakaraang katitikan ng pagpupulong ng PAMB na dapat baguhin o iwasto.

***Ang naging puna:***

Sa *Pahina 7*, linya 323 ay malugod na iminungkahi ni G. Melvin Vitto ang pagwawasto sa pangalan ng resort na matatagpuan sa Bayan ng Buenavista at ito ay ang ***"Malbog Sulfuric Spring".***

Sa Pahina 8, linya 396 ay malugod ding iminugkahi ni Bb. Jell Mariel Riego ang pagtatama sa baybay ng pangngalang ***"Boac"***. Sa parehong pahina, linya 402 ay iminungkahi din ni Kgg. Christito Macayaon ang pagtatama sa baybay ng salitang ***"Din".***

Sa *Pahina 9*, linya 415 ay malugod na iminungkahi ni Dr. Doreen R. Mascareñas ang pagwawasto sa baybay ang salitang ***"Probisyon".***

Ang Pansamantalang Tagapangulo ay muling nagkaroon ng pagtatanong sa mga kasapi ng PAMB para sa iba pang obserbasyon o komento sa nakaraang katitikan na dapat pang baguhin.

Sapagka't wala ng nakikitang puna na dapat pang iwasto o baguhin sa nakaraang katitikan kung kaya't ito'y iminungkahi niyang pagtibayin.

**D. <u>Pagpapatibay sa nakaraang katitikan</u>**

Naghain ng mosyon si Kgg. Jessie R. Peralta upang pagtibayin ang katitikan ng nakaraang pagpupulong ng PAMB nang may pagwawasto na pinangalawahan ni Kgg. Lito M. Montiano at sinang-ayunan ng nakararami.

**E. <u>Pagpapatibay sa mga paksang pag-uusapan/tatalakayin</u>**

Binasa ng tumatayong Pansamantalang Tagapangulo ang hanay ng mga paksang pag-uusapan, subalit bago ang pagpapatibay nito ay hiningi muna niya ang mungkahi ng kapulungan tungkol sa iba pang paksang nais pag-usapan.

Para sa iba pang paksang nais pag-usapan ay malugod na iminungkahi ni PASu Emeterio M. Recto na maidagdag ang tungkol sa ***"Updates of Enhanced National Greening Program (ENGP) Project implementation within protected area".***

Para sa pagpapatibay nito, naghain ng mosyon si Kgg. Jessie R. Peralta upang pagtibayin ang hanay ng mga paksang pag-uusapan kalakip ang mga naging susog at ang pagtatalakay nito sang-ayon sa pagkakasunod-sunod na pinangalawahan ni G. Melvin Vitto at sinang-ayunan ng nakararami.

**E. <u>Pagtatalakay sa mga paksang hindi natapos mula sa nakaraang katitikan</u>**

Bago ang pagtatalakay ng mga paksang nakahanay na pag-usapan ay iminungkahi ng Tagapangulo na balikan muna ang mga isyu o paksang hindi natapos mula sa nagdaang pagpupulong.

Sapagka't wala namang isyu o usapin na kailangang pang pag-usapan sa nakaraang katitikan ng pagpupulong kung kaya't ang kapulungan ay nagpatuloy sa pagpupulong.

**<u>F. Pagtatalakay sa mga paksang pinagtibay na pag-usapan</u>**

***1. Protected Area Management Office (PAMO) Accomplishment for the First & Second Quarter CY 2022***

Sa panimula ni PASu Emeterio M. Recto ng kanyang presentasyon sa pamamagita ng powerpoint ay sinabi niyang ang *Marinduque Widlife Sanctuary (MWS)* ay binubuo ng dalawang (2) parsela. Ito ay ang *Balagbag Mountain Ranges (Parcel 1)* at ang *Central Marinduque Mountain Ranges (Parcel 2)* na may kabuuang sukat na 9, 758.71 ektarya alinsunod sa pinagtibay na Republic Act 11038 o ang Expanded National Integrated Protected Area System (ENIPAS Act of 2018).

Kanya ring ipinakita ang Mapa kung saan naka-project ang dalawang parsela ng MWS at ang *zoning* nito. Kasunod niyang inilahad ang *administrative jurisdiction* ng MWS kung saan matutunghayan ang 23 Barangays at limang mga munusipyo na bumubuo rito.

***a. Demarcation of legislated PA***

Ayon kay PASu Recto, ngayong taon ay may dalawang (2) target na nagawa sa ilalim ng proyektong *demarcation.* Ito ay ang paglalagay ng 43 *monuments/corners* sa hangganan ng MWS at ang paglalagay ng 283 *signages* sa mga istratehiyang lugar. Sa taong 2020 ay nakapaglagay ang kontraktor ng 105 pirasong muhon, sa 2021 ay 260 at sa kasalukuyang taon, ang target mailagay at makompleto ng kontraktor ay 43 monuments. Sa kabuuan ay 408 monuments na ang nailagay sa mga hangganan ng MWS at ito ay nakumpleto na ng kontraktor kasama ang 283 signages.

Si Dr. Doreen R. Mascareñas ay nagbigay ng reaksyon sa inilahad ni PASu Recto at sinabing dapat sana ay wikang Tagalog ang ginamit sa nasabing signages.

Iminungkahi din ni G. Vitto na maaari namang gamitin ang parehong wika upang mas madali itong maintindihan. Bilang tugon, sinabi ni PASu Recto na ang wikang "English" ang napagkasunduang ilagay sa mga signages alinsunod sa koordinasyon sa DENR Regional Office kung kaya't ito ang ginamit ng kontraktor. Nangako din siyang, maaari naman itong palitan at ikonsider ang mga naging rekomendasyon kung sakaling masira na ang naturang mga signages.

Bukod dito, ang inspection ng mga nasabing muhon at signages at naisakatuparan na ng PENRO Technical Inspection Committee (TIC) katuwang ang PAMO Staff at personnel.

***b. Maintenance of Monuments (365 monuments installled)***

Ayon kay PASu Recto, ngayong taon ay napondohan din ang pagpapanatili at pagsasa-ayos ng mga nasisirang muhon na nailagay sa hanggan ng MWS. Aniya, may ilang muhon ang nasisira at diumano ay kagagawan ng ilang residente na malapit sa kinalalagyan ng mga ito. Kasabay nito, patuloy din isinasagawa ng PAMO ang Communication, Education and Public Awareness (CEPA) upang tukuyin ang mga isyu sa protected area at kung papaano ito matutugunan.

***c. Procurement of equipment***

Para sa taong ito, ang PAMO ay mayroong ding target sa pagbili ng mga equipment gaya ng Real Time Kinematic (RTK), DLSR Camera, Laptop, Scanner at Desktop na may alokasyong Php. 790,000.00. Ayon kay PASu Recto, ang mga nabanggit na equipment ay naideliver na ng nanalong supplier at maaari na aniyang gamitin. Ang perang ginamit ditto ay buhat sa pondong ibinaba ng Biodiversity Management Buraeu (BMB).

***d. Protected Area Habitat Protection***

Ayon kay PASu Recto, kabilang ang Biodiversity Management System (BMS) sa mga programa sa ilalim ng proyektong Protected Area Habitat Protection. Ayon sa kanya, ang unang BMS ay naisagawa noong Pebrero 18-19, 2022 sa 2 kilometrong Transect Line na naitatag sa Brgy. Tambangan, Santa Cruz patungong Tumagabok, Boac. Aniya, ang ikalawa rito ay gagawin ng PAMO sa buwan naman ng Agosto sa taong kasalukuyan. Kanya ring pinahapyawan ang ilang aktibidad na ginagawa kaugnay sa pagsasagawa ng BMS gaya ng Focus Group Discussion (FGD), Transect Walk/Count, at Photodocumentation.

Bukod sa proyektong BMS, ay patuloy din ang monitoring ng 2 kilometrong Biodiversity Assessment and Monitoring System (BAMS) at on going din ang pagkukumpleto sa mga lacking activities kaugnay sa proyekto.

***e. Communication, Education and Public Awareness (CEPA)***

Para sa taong ito, ang PAMO ay may target na 3-5 minutes *Audio Visual Presentation (AVP)* ayon kay PASu Recto. Maliban dito, gagawa din *species booklet* kung saan makikita ang ilan sa mga *species* ng *flora* at *fauna* na matatagpuan sa MWS. Ito aniya ay isusumite sa DENR *Regional Office* para sa kanilang komento at *final editing*. Ipi-*print* ito ng maramihan kapag naisaayos na ang mga komento at ipamamahagi sa mga *PAMB members*. Bukod dito, gagawa din ang PAMO ng 150 pirasong *phamplets* na ipamamahagi sa mga miyembro at iba pang stakeholders ng MWS.

***f. PAMB Operationalization***

*f.1. Capacity Building*

Ngayong taon ay magkakaroon ng *Training Needs Assessment (TNA)* ang PAMO upang tukuyin kung anong uri ng *training* ang kinakailangang maibigay sa mga kasapi ng PAMB at *PAMO Personnel.* Ito ay gagawin ngayong 3rd quarter ng taon.

*f.2. Regular PAMB meeting*

Sinabi ni PASu Recto na, ang pagpupulong ng PAMB ay ginagawa *quarterly* o apat na beses sa looban ng isang taon. Ayon pa sa kanya, sa nagdaang *DENR Management Conference* ay napag-usapan ang pagkakaroon ng takdang petsa at venue ng *quarterly meeting* ng PAMB. Ayon pa sa kanya, ang unang PAMB meeting ay naisagawa noong March 3, 2022 sa Dewey Hotel & Restaurant, Sta. Cruz, Marinduque na kung saan ay nakapagpatibay ng tatlong resolusyon ang MWS-PAMB.

Ang ikalawang pagpupulong ng PAMB ay nakatakda sanang gawin noong ika-9 ng Hunyo sa PAMO Tumagabok, Boac subalit hindi ito nagawa dahil sa ginanap na DENR 35th Anniversary Celebration. Ito ang dahilan kung bakit ito inire-schedule ng PAMO at napagpasyahang gawin sa PENRO Conference hall dahil na rin sa availability ng internet connection bilang pag-antabay sa pagdalo sana ni RED Claudio at iba pang miyembro.

*f.3. PAMO Operationalization*

Ayon kay PASu Recto, ang mga *notice of hiring* ay ipinost sa MWS Facebook Page upang maging *transparent* sa lahat at bago nagkaroon ng *hiring* ay nagkaroon muna ng *screening, examination* at *final interview* ng mga qualified applicants. Sa kasalukuyan, ay mayroong 21 COS ang PAMO na binubuo ng *EMS I, Park Rangers (PRs), Biodiversity Protection Assistants (BPAs), Forest Protection Officers (FPOs), Ecotourism Aide, Caretaker,* at *Technical Support* Staff.

***g. Ecotourism Program***

Ayon kay PASu Recto, sa kasalukuyan ang bukas na sa publiko ang Tourism Development Area (TDA) 1 kung saan kabilang ang Barangay ng Tumagabok, Boac. Bagama't bukas na ito sa publiko ay mayroon pa ring mga restriksyon na pinaiiral rito. Ang mga bisitang tinatanggap sa kasalukuyan sa MWS ay may gulang na labingwalo (18) pataas at dapat ay fully vaccinated. Sumunod na ipakita ni PASu Recto ang Public Advisory na inilabas ng PAMO at ang mapa ng tourism activities sa MWS. Kanya ring inilahad sa kapulungan ang list of fees na kinokolekta (IPAF) sa MWS. Ayon pa sa kanya, ang Balagbag ay maaari na ring buksan sa publiko sa susunod na buwan ng Hulyo.

***h. Integrated Protected Area Fund (IPAF)***

Sa muling pagbubukas ng Turismo sa MWS ay nagkaroon ito ng income na na humigit-kumulang sa Php. 4,000.00 as of June 24, 2022 at ang kabuuang bilang ng mga turistang nakapasyal dito ay 64 (male-21 & female-43).

***i. Lawin Forest and Biodiversity Protection System***

*g.1. Lawin Patrolling/regular monitroring & patrolling*

Ang proyektong ito ayon kay PASu Recto ay isinasagawa sa una at ikalawang linggo ng bawat buwan sa *designated conservation areas* na saklaw ng *protected area*. Maliban dito, ang regular na *monitoring* at *patrolling* ay patuloy ding ginagawa upang matiyak ang maayos na kalagayan ng *protected area.*

Sa bawat buwan ay mayroong 20 kilometrong target na distansyang dapat mapatrulyahan at sa kasalukuyan ay mayroon ng 136.57 kilometrong distansyang napatrulyahan ang mga tauhan ng Protected Area Management Office.

Para naman sa mga issues and concerns ng PAMO, kabilang dito ang aplikasyon para sa Special Agreement in Protected Areas (SAPA) ng National Irrigation Administration para sa kanilang panukalang proyektong Small Reservoir Irrigation Project (SRIP) sa Barangay Bagtingon, Buenavista. Bukod rito, maituturing pa rin na isyu a ng natitirang 138 witness monuments na kailangang mailagay sa hangganan ng MWS at ito ay sa bahaging mahirap, malalim, baybay ilog na kung saan ay hindi maaaring baunan ng mga muhon. Sa huli, muli ding ipinagbigay alam ni PASu Recto na ang PAMO ay mayroong target para sa imbentartyo ng mga Alienable & Disposable Lands sa looban ng MWS na kanilang iimplement sa pagpasok ng ikatlong kwarter ng taong kasalukuyan.

Sinabi naman ni Dr. Mascareñas ang mga iligal na aktibidad sa loob ng protected area gaya ng paglalawak ng mga kaingin at pagtatayo ng mga bago at konkretong bahay na kailangang mai-address ng PAMO. Bilang tugon, sinabi ni PASu Recto na ang mga report tungkol sa kaingin ay naii-resolve naman ng PAMO. Nangako din siyang imomonitor ng PAMO ang mga isyung idinulog ni Dr. Mascareñas.

Si Kgg. Alejandro Napigkit, kinatawan ng Barangay Antipolo, Gasan ay nagbigay din ng reaksyon sa inilahad ni PASu Recto at sinabing mayroong ding isyu ng paglawak o paglaki ng boundaries ng protected area kung kaya't ang ilan sa kanilang kabarangay ay nagtatanong. Ang ilan umano sa kanila ay mayroon pang titulo ng lupang kanilang inuukupahan. Wala aniyang maisagot ang mga kinatawan ng Barangay sa naging paglawak ng hangganan ng protected area. Hindi rin aniya sila maaaring pagbawalan na pumasok at magbukid sa lugar sapagkat ang alam nila ay kanila ang lupang kanilang sinasaka. Nangangamba umano ang kanilang mga kabarangay na baka dumating ang punto na hind na sila pahintulutan sa lugar. Naitanong din niya sa kapulungan kung saan ba nararapat lumapit ang kanilang mamamayan upang magkaroon ng mas malinaw pang kasagutan.

Bilang tugon, sinabi ni PASu Recto na maaari naman silang magtungo sa PENR Office para sa kanilang mga katanungan. Nilinaw din niyang bago ipatupad ang nasabing proyekto ay nagkaroon muna ng pagpupulong sa Barangay, kasama ang Opisyales ng Barangay at ang mga nagbubukid o mga claimant na madadaanan ng proyekto. Nilinaw din niyang hindi paaalisin sa lugar ang mga taong nagbubukid dito ng matagal ng panahon at mayroong development sa lugar. Ninilinaw din niyang hindi lahat ng natituluhan ay Alienable & Disposable Land (A&D) at mayroon din naisyuhan ng Certificate of Land Ownership Award (CLOA) sa looban mismo ng protected area.

Iminungkahi naman ni DMO III Michaela T. Rongavilla ang pagkakaroon ng Information, Education Campaign upang maipaliwanag sa mga mamamayan ang mga prohibited acts sa loob ng protected area. Aniya, mayroon ding pagkilala sa mga lihitimong mga tenured migrants. Iminungkahi din niya kay PASu Recto na gumawa ng liham ang PAMO upang itanong at masagot ng Regional Office ang isyu.

Sinang-ayunan naman ni G. Melvin Vitto ang pagsasagawa ng IEC upang ipaliwanag kung bakit lumaki at nadagdagan ang sukat ng MWS. Nilinaw din niyang hindi na dapat pang maglaki o magdagdag pa ng kaingin sapagkat ito talaga ay ipinagbabawal sa labas man o loob ng protected area. Aniya, kung ang isyu naman ay pagtatanim, pwede umano silang i-allow magtanim pero ilatag sa kanila

kung ano iyong mga dapat at hindi dapat gawin sa loob ng protected area. Sinabi pa niyang ang Marinduque Wildlife Sanctuary ang huling pag-asa para sa susunod na salinglahi.

Sinang-ayunan din ni Kgg. Johnny C. Francisco ang naging komento ni Kgg. Napigkit at sinabing dapat talaga ay ipaliwanag sa kanila kung ano iyong mga dapat at hindi dapat gawin sa loob ng protected area.

Sinabi naman ni DMO III Rongavilla na bukod sa gagawing IEC, ay maaari ding maglagay ng mga paskil tungkol sa pagbabawal ng mga iligal na aktibidab sa loob ng protected area. Nilinaw din niyang, sa protected area ay mayroong zoning. Aniya, kung ang lupang pinag-uusapan ay saklaw ng Multiple-Use Zone ay mayroong mga bagay na pinapayagan subalit kung nasa Strict Protection Zone ito ay walang umanong aktibidad dito.

Ayon naman kay Kgg. Reden G. Fidelino, karamihan sa binubukid ng kanilang mga kabarangay ay ang mga dati na ring binukid at binuksan sa matagal ng panahon. Ayon pa sa kanya, sa ngayon ay on-going din ang paggagawa ng daan mula Barangay Tumagabok, Boac patungon Hinapulan, Boac. Ayon sa kanya, kung sakaling bukas na ito at maganda na ang kalsada ay marami umanong magtatayo ng bahay malapit sa kalsada.

Nilinaw naman ni PASu Recto na kahit magkaroon na rito ng kalsada at dapat wala paring mag-occupy sa lugar lalo na kung saklaw ito ng protected area. Nangako din siyang ipapa-check niya ito sa kanilang mga fieldman upang matukoy kung saklaw na ba ito ng protected area at iko-coordinate din sa Technical Services Division (TSD) kung mayroon na ba itong inventory ng mga maaapektuhang mga punongkahoy.

Iminungkahi din naman ni Kgg. Romeo M. Davaloz na magkaroon ng pagrere-survey ng protected area upang matiyak kung ano talaga ang saklaw ng MWS at ng A & D.

Nilinaw naman ni PASu Recto na hindi na kailangan surveyin pa ang hangganan ng MWS dahil final na ang sukat nito kung kaya't nagkakaroon ng demarcation ng hangganan nito. Ipinaliwanag din niyang bago magkaroon ng ganitong proyekto ay nagkaroon ng IEC sa mga Barangay subalit hindi nakadadalo kung minsan ang mga concerned stakeholders.

Naitanong naman ni G. Vitto kung mayroon bang datos ang PAMO sa bilang ng mga tao sa loob ng protected area. Sinabi din niyang i-survey ito kung ilan ba talaga iyong mga tao at kung mga sinu-sino sila at lagyan ng hangganan. Nilinaw din niyang kung sino lamang ang nasa listahan ang dapat pumasok sa PA. Ipinaliwanag din niyang ang MWS ay Sanctuary at hindi bukas para sa lahat.

Bilang pagtugon, sinabi ni PASu Recto na mayroon ng census na ginawa ang PAMO at may datos na kung ilang ang nagbubukid sa lugar na maii-konsider na tenured migrants.

Nilinaw naman ni DMO III Rongavilla na ang MWS ay na-legislate alinsunod sa Republic Act No. 11038 at natukoy na ang hangganan nito. Ayon pa sa kanya, ang boundaries nito ay iyon na talaga kung ano ang nakapaloob sa pinagtibay na batas. Mayroon din aniyang mga tao na naimbentaryo sa loob na may bukid at homelot. Hindi rin aniya nila isinasantabi iyong mga tituladong lupa na nasaklawan ng PA pero ang lagi aniyang tatandaan ay kung ano iyong mga allowed at di-allowed gawin dito.

Ipinagbigay-alam naman ni Kgg. Dante M. Marinduque na nakarating sa kanilang kaalaman na nailipat na pala sa ibang may-ari ang pastuhan na dating inuukupahan ng mga Ilagan. Sinabi naman ni PASu Recto na mayroong hiwalay ng paksa para sa idinulog na isyu ni Kgg. Marinduque.

Nagkaroon din ng katanungan si Gng. Elizabeth E. Manggol ng MACEC kung nainform ba talaga iyong mga tao sa paglawak ng hangganan ng MWS dahil kahit umano siya ay kasapi ng PAMB ay siya ang naguguluhan din. Nilinaw naman ito ni PASu Recto na nagkaroon ng re-validation dito ang National Mapping and Resource Information Authority (NMRIA) at wala umano silang control dito sapagkat sila ang mayroong authority.

Ayon pa kay Gng. Manggol, ito ang dahilan kung bakit kailangan pang magkaroon ng IEC upang maipaliwanag sa tao iyong changes sa hectarage ng protected area. Nangako naman si PASu Recto na kanila itong gagawin sa Barangay.

Nagkaroon din ng katanungan si Dr. Mascareñas kung magkakaroon bang muli ng pagkilala sa mga natukoy na tenured migrants sa loob ng protected area. Naitanong din niya kung nagkaroon na ba ng pag-aaward ng Protected Area Community Based Resources Management Agreement (PACBRMA).

Tinugon naman ito ni PASu Recto na kikilalaning muli ang mga nasurvey na tenured migrants at ang pag-iisyu ng PACBRMA ay kanilang isasagawa sa mga susunod na taon, hindi lamang aniya mapagsabay-sabay sapagkat kulang pa sa Technical Personnel ang PAMO.

Si Kgg. Napigkit ay muling nagbigay ng reaksyon at sinabing noong una ay hindi rin naipaalam sa mga tao na ang kanilang lupang pinagtirikan ng bahay na malapit sa kalsada ay pag-aari ng gobyerno. Ito rin umano ang kaparehong senaryo na nagaganap sa protected area na dahilan para mangamba ang mga tao na baka dumating ang panahon na paalisin na sila sa lugar kung kaya't kailangan talagang maipaliwanag sa kanila.

Nangako naman si PASu Recto ng pagsasagawa ng IEC sa mga barangay at sinabing maaari din naman aniyang pag-usapan pa ito sa mga susunod na PAMB meeting.

Iminungkahi din ni G. Davaloz ang pakikipag-ugnayan sa Tanggapan ng Department of Agrarian Reform tungkol sa mga lupang mayroong CLOA na saklaw ng protected area.

Sa huli, muling iminungkahi ni DMO III Rongavilla ang patuloy na pagsasawa ng IEC at nilinaw din niyang ang SRPAO/SEAMS ay ginagawa every 5 years upang i-update ang datos nito.

Ganap ng ika-12:10 ng hapon ng imungkahi ni Kgg. Restituto L. Pabalat na pansamantalang itigil muna ang pagpupulong upang bigyang daan ang pananghalian na pinangalawahan ni Kgg. Reden G. Fidelino. Ang kapulungan ay muling bumalik sa pagpupulong sa ganap na ika-1:05 ng hapon.

***2. Review of Memorandum of Agreement (MOA) regarding ecotourism activities and research studies***

Sa pagsisimula ni Dr. Doreen R. Mascareñas, sinabi niyang mayroong *Memorandum of Agreement (MOA)* ang MWS-PAMB sa mga Barangay na *entry points* papunta sa *ecotourism areas* ng MWS. At ito ay ang mga sumusunod: Brgy. Antipolo, Gasan; Tumagabok, Boac; Makulapnit, Santa Cruz; Malibago, Torrijos; at Malbog, Buenavista. Aniya, ang nasabing MOA ay 2018 pa nag-eexist subalit ang Brgy. Mabog, Buenavista at Tumagabok, Boac pa lamang ang nakalagda rito. Ang nasabing MOA ay pirmado rin ng dating RED na si Henry A. Adornado subalit wala pang pirma ng mga Barangay at hindi rin ito notaryado.

Ipinaliwanag ni Dr. Mascareñas ang hatian ng income sa MWS. Sinabi niyang makatatanggap ang mga Barangay ng share mula sa ***"Entrance Fee"*** kung mayroon silang serbisyong gagawin. Ang legal basis nito ay ang 391.7 ng "Local Government Code" ng Pilipinas, kung saan nakasaad ang karagdagang kapangyarihan ng Barangay, *duties* at *function* bilang *legislative bodies*. Ipinaliwanag rin

niya na kung ipapagamit ang Barangay hall at ii-improve ang better access, makakatanggap ang Barangay ng share rito. Isa pa ay ang pagsasa-ayos ng mga daan patungo sa *"Sanctuary"* at pagpapagawa ng tulay na madadaanan sa pagbaba mula MWS. Sa ibang Barangay naman, katulad ng Sihi, Bunavista; Antipolo, Gasan; Makulapnit at Tambangan, Santa Cruz ay makatatanggap sila ng share kung ipagagamit nila ang kanilang Barangay Hall sa pagtanggap ng bisita.

Ang parking area ay hindi saklaw ng MOA at maaari namang maningil ang Barangay. Pagdating naman sa paggamit ng comfort room o mga palikuran ay maaaring gumawa ng ordinansa ang Barangay para makapaningil sa paggamit nito. Makakakuha lamang ng shares kung ipapagamit ang Barangay Hall sa pagtanggap ng turista. Kailangan din na mayroong lugar kung saan nakalagay ang mga posters at brochures tungkol sa protected area o MWS. Nakasaad din sa MOA na dapat mayroong designated area para sa Tourism Officer. Puwede ring kumita sa pamamagitan ng paniningil ng barangay ng community tax para sa kumikitang negosyo, mas malaki ang kikitain ng barangay dito kaysa sa kaunting tinatanggap ng protected area.

Tungkol naman sa probisyon ng MOA, sinabi niyang pare-pareho ang nilalaman nito sa ibang mga Barangay na nabanggit maliban na sa Brgy. Tumagabok, Boac. May kaugnayan ang probisyon ng MOA sa kung ano ang mga pasilidad na pwedeng ipagamit ng Barangay para sa Protected Area Management Office (PAMO) sa pagtanggap ng mga bisita na siyang bibigyan ng karampatang halaga o kabahagi sa kinokolekta na entrance fee ng PAMO.

Ayon pa sa kanya, minarapat repasuhin ni PASu Recto ang nilalaman ng nasabing MOA para sa muling pagbubukas ng ecotourism activities sa loob ng protected area. Aniya, matatandaan na ang paksang ito ay dalawang beses ng tinalakay sa pagpupulong ng PAMB. Ang unang isyu rito ay kung paano hahatiin ang kinokolekta na entrance fee sa mga turista at kung anu-ano ang magiging responsibilidad ng Barangay.

Ayon din sa kanya, dalawang partido ang sangkot sa nasabing MOA at ito ang DENR na kumakatawan sa First Party ang mga Barangay naman na kumakatawan sa Second Party. Ang naging legal na basehan sa MOA ay ang nakasaad sa Local Government Code of the Philippines, Section 391.7 na nagsasabi na ang Sangguniang Barangay ay pwedeng magkaroon ng regulasyon sa paggamit sa kanilang infrastructures at pwedeng magpataw ng resonableng bayad para sa paggamit nito.

Kasunod niyang inilahad ang tungkol sa obligasyon ng dalawang partidong nabanggit na nakapaloob sa tinatalakay na kasunduan. Ayon sa kanya, ang hinihiling dito ni PASu Recto ay kung anu pa iyong mga isyu na pwedeng amyendahan at kung tama na bang lahat ang responsibilidad ng mga partido at kung ano ba talaga ang angkop na sharing scheme. Dahil dito, hiningi niya ang komento at mungkahi ng kapulungan patungkol sa kanyang inilahad na kasunduan.

Bago pa ito sagutin ng kapulungan, si Kgg. Johnny C. Francisco ay nagpahayag na hindi nabanggit ang Barangay Bagtingon sa tinalakay na MOA. Nilinaw naman ni Dr. Mascareñas na kasama sa nasabing MOA ang Barangay Bagtingon, Buenavista.

Si Kgg. Francisco ay muling nagpahayag at sinabing mas mabuti kung 60-40 ang magiging hatian sa entrance fee na kinokolekta ng PAMO.

Nabanggit din ni PASu Recto na Php. 50.00 ang kinokolektang entrance fee sa mga regular na bisita sa Brgy. Tumagabok, Boac habang Php. 30.00 naman sa mga estudyante at libre ang mga senior citizen.

Si G. Melvin Vitto ay nagbigay din ng reaksyon at sinabing maraming kaparaanan upang magkaroon ng kita ang Barangay sa pagpapatupad ng turismo at hindi umano usapin dito ang hatian o sharing dahil minimal lamang ang kokolektahing entrance fee at libre ang mga senior citizen.

Sinang-ayunan naman ito ni Dr. Mascareñas at sinabing ang kita ng Barangay para sa parking fee ay hindi na pakikialaman ng DENR at kung pabor ang kapulungan sa dating nilalaman ng kasunduan ay mabuti aniya iyon. Ang nabanggit na responsibilidad ay gagawin ng Barangay dahil mayroong kasunduan. Ayon pa sa kanya, ang MOA ng DENR at MSC ay maayos naman at kasalukuyan pa nilang ginagawa ang assessment sa MWS. Sa kanyang pagtatapos, ay wala ng iba pang komento o mungkahing idinulog ang kapulungan tungkol sa inilahad na proposal.

Sinabi ni PASu Recto na mas malaki ang kikitain dito ng Barangay kung mayroon silang initiative at efforts na mag-isip at gumawa ng mga plano kung papaano sila kikita kasabay sa pagpapatupad ng turismo sa MWS.

Bago ang pagtatapos ng usapin, ipinagbigay alam ni Kgg. Johnny C. Francsico na sa kasalukuyan na maulan ay kanilang naoobserbahan na maraming nalalaglag na bato sa Bulusukan Falls kung kaya't iminungkahi niya na ipagpaliban muna ang pagbubukas nito sa publiko para na rin sa kaligtasan ng mga bisita. Nagpasalamat naman si PASu Recto sa ibinigay na impormasyon ni Kgg. Franscisco at sinabing hindi na muna ito isasabay sa muling pagbubukas ng Balagbag Mountain Range na matatagpuan sa Barangay Malibago, Torrijos.

***3. Status of Forest Land Grazing Management Agreement (FLGMA) within Protected Area (PA)***

Binati at pinasalamatan ni ECOMS II Alvin L. Pergis ang kapulungan bago dumako sa paglalahad niya ng tungkol sa status ng Forest land Grazing Management Agreement (FLGMA) ni G. Leopoldo Ilagan. Sa pagbibigay niya ng basic information ng Grazing/FLGMA, ipinagbigay-alam niya sa kapulungan na ang permittee rito ay si G. Santiago S. Ilagan na nakatira sa Brgy. Sihi, Buenavista. Ito ay may Permit/Lease No. 549 at may kabuuang lawak na 100.70 ektarya at matatagpuan sa Brgy. Malibago, Torrijos. Ito rin aniya ay mayroong annual rental na Php. 2,000.00 at ang permit ay nai-isyu noong ika-03 ng Setyembre 1989 na pumaso o nag-expired noong ika-12 ng Disyembre 2012.

Sa pagpaso ng permit nito ay muli itong ini-apply sa Tanggapan ng DENR na may petsang December 12, 2012 at Application No. 413 na ayon kay ECOMS II Pergis ay hindi na nai-renew sapagkat hindi na ito pinayagan pa ng ahensya.

Taong 2017 din ng magkaroon ng pagsu-survey ang mga kinatawan ng Protected Area Office kung saan natuklasan na iba pala ang lawak ng lupa na kanilang ini-apply sa pastuhan kaysa sa kanilang aktwal na ginagamit.

Ayon pa sa kanya, ang mga baka sa naturang pastulan ay naibenta noon ni G. Ilagan kay G. Raffy Lumalang na taga-barangay Ihatub, Boac. Si G. Lumalang ay nagtungo umano sa Tanggapan ng PENRO upang magtanong sa kung ano ang pupwede niyang gawin sa lugar. Kaugnay nito, naipaliwanag naman aniya ni PASu Recto ang kasalukuyang estado ng pastuhan at hindi na pinapayagan ang pagre-renew ng lease/permit nito.

Ayon pa sa kanya, ang nasabing lugar ay palaging nasusunog gaya ng naganap noong buwan ng Marso sa taong ito. Sa kanilang ginawang imbestigasyon sa Barangay ay napag-alaman ng kanilang team na ang nasabing mga baka ay naibenta na rin ni G. Lumalang kay G. Christopher Laos na di-umano ay siya ring may-ari ng CLM Construction.

Sa kanyang pagtatapos ay sinabi niya na taong 2017 ng bigyan ng dating PASu ng grace period si G. Leopoldo Ilagan (anak ni Santiago S. Ilagan) para maibaba ang mga naturang baka. Ang ilan sa mga ito ay naibaba na subalit natirhan pa ng mahigit 30 piraso na siya namang napapunta kay G. Lumalang na ipinagbili naman nito sa CLM Construction. Binanggit din niyang ang hinihingi sana rito

ng PAMO ay ang resolusyon ng PAMB upang tuluyan ng maibaba ang mga baka na kasalukuyan pang nasa loob ng protected area.

Si Dr. Mascareñas ay nagbigay ng komento at sinabing hindi na aniya kailangan pang gumawa ng resolusyon ang PAMB bagkus ay gamitin na lamang ang nakasaad sa NIPAS Law ng protected area. Dapat aniya itong ipatupad at enforcement talaga ang gagawin.

Nilinaw naman ni PASu Recto na ang gagawing resolusyon ay bilang pagsuporta ng PAMB sa kung ano ang iniaatas ng Batas na nakasaad sa ENIPAS Act of 2018.

Sinang-ayunan naman ito ni ECOMS II Pergis at sinabing mas mainam kung mayroon ding maipakikitang pinagtibay na resolusyon ang PAMB bukod pa iyong sinasabi ng Batas.

Si G. Vitto ay naghain ng mosyon upang ipatupad ng maigting ang nakasaad sa Batas kung saan ang pagpapastol ng mga hayop sa loob ng protected area ay mahigpit na ipinagbabawal. Kaugnay nito, hiniling ni PASu Recto na permanent member sana ng MWS-PAMB ang maghain ng mosyon para sa pagtitibaying resolusyon ng PAMB.

Iminungkahi din ni Dr. Mascareñas na i-generalize ang gagawing resolusyon upang masakop ang lahat ng Barangay sa kabuuan ng PA.

Kaugnay nito, malugod na naghain ng mosyon si Kgg. Sabino R. Rojo upang magpasa ng resolusyon ang PAMB upang hindi na mabigyan ng permit muli ang FLGMA na inisyu kay G. Ilagan, gayundin ang paghihigpit sa mga nagpapastol ng hayop sa iba't-ibang bahagi ng protected area na pinangalawahan ni Bb. Jell Mariel P. Riego.

***4. Gender and Development***

Ang pagtatalakay sa paksang may kinalaman sa Gender and Development (GAD) ay ipinagpaliban muna dahil sa hindi pagdalo ng kinatawan nito.

**F. <u>Iba pang paksang pinag-usapan *(Other matters)*</u>**

***a. "Improvement of existing access road going to the Protected Area Management Office (PAMO)***

Ayon kay PASu Recto, ang kanyang ilalahad ay ang tungkol sa panukalang *"Improvement of existing access road going to the Protected Area Management Office (PAMO)"*. Ayon sa kanya, minabuti nilang isama ito sa iba pang paksang pag-uusapan sapagkat mahalaga rin ito sa pagpapatupad ng programang pang-turismo ng MWS.

Sa kanyang pagpapatuloy ay sinabi niyang mayroon ng dating kalsada sa Brgy. Tumagabok, Boac patungong PAMO na halos dalawang metro ang lapad. Ang proposal ay *improvement* nito upang gawing apat na metro sana ang luwang ng daan. Ang proyektong ito ay naihingi ng pondo sa Tanggapan ni Congressman at Speaker Lord Allan Jay Q. Velasco at nailipat na ang kaukulang pondo sa *Department of Public Works and Highways (DPWH).* Ang problema umano ng PAMO rito ay hindi ito saklaw ng *protected area.* Ipinagbigay-alam din niya sa kapulungan na sa darating ng June 28, 2022 ay magkakaroon ng pagpupulong sa Barangay Tumagabok, Boac kung saan imbitado si PENR Officer Imelda M. Diaz ang kinatawan ng *Office of the Governor* na si Atty. Ferrnandez at si Engr. June Carl Malitao ng DPWH gayundin ang mga may-ari ng lupang dadaanan ng proyekto.

Si G. Melvin Vitto ay nagbigay ng reaksyon sa inilahad ni PASu Recto kasunod ang kanyang mungkahi na tingnan at i-*review* din ang Batas na sumasaklaw sa proyekto. Ayon sa kanya, hindi pinapayagan ang *concreting* ng *ricefield.* Pupwede naman aniya ito basta mayroong consent ang *concerned parties.*

Nilinaw naman ni PASu Recto na proposal pa lamang ito at sa nakatakdang pagpupulong ay ipaliliwang nila ito sa mga tao na may-ari ng mga lupa na madadaanan ng proyekto.

Nagbigay din ng reaksyon si G. Romeo Davaloz at sinabing pagdating sa *Comprehensive Land Use Plan (CLUP)* ay hindi ito uubra sapagkat *irrigated ricefield* ang paglalagyan ng proyekto.

Hiningan din ng pahayag ni PASu Recto ang kinatawan ng Brgy. Tumagabok, Boac na si Kgd. Raquel Mirambil hinggil sa pinag-uusapang proyekto. Ayon kay Kgg. Mirambil, ilang beses na nila ito napag-usapan sa sesyon ng Barangay. Ayon sa kanya, ang unang-unang umaayaw sa proyekto ay ang kanilang mamamayan partikular na ang mga maaapektuhan nasa gilid sila ng daan. Gumawa din aniya sila ng liham kaugnay ng isasagawang pagpupulong sa June 28, 2022 upang malaman kung sila ba ay pumapayag sa proyekto.

Naitanong naman ni G. Gerardo Jamilla kung napag-usapan na ba sa Barangay ang hinihiling ng DPWH na tig-isang metrong luwang sa magkabila bahagi ng dating daan. Iminungkahi din niyang ikonsulta ito sa munisipyo ng Boac upang sila ay makatulong dito. Nilinaw naman ni PASu Recto na ito iyong dahilan kung bakit mayroong naka-iskedyul na pagpupulong upang ikonsulta sa LGU iyong mga *concern.*

Bago ang pagdako sa iba pang paksang naidulog na pag-usapan ay malugod na iminungkahi ni Kgg. Sabino R. Rojo sa kapulungan na magpasa ng resolusyon upang kilalanin at tanggapin ng PAMB ang naging *accomplishment* ng PAMO para sa una at ikalawang kwarter ng unang semester para sa taong 2022 na pinangalawahan ni Kgg. Jessie R. Peralta at sinang-ayunan ng nakararami.

***b. "Updates of Enhanced National Greening Program (ENGP) Project implementation within protected area".***

Binati at pinasalamatan ni Forester Elena Parañaque ang kapulungan bago dumako sa paglalahad niya ng updates patungkol sa implementation ng Enhanced National Greening (ENGP) project sa loob ng protected area. Ayon sa kanya, sa nagdaang pagpupulong ng PAMB na ginanap noong ika-03 ng Marso 2022 ay nakapaglahad din sila sa estado ng ENGP Project.

Ayon din sa kanya, ang kanyang ilalahad ay as of June 24, 2022. Ngayong taon ay mayroong silang apat na barangay na target at ito ay ang Barangay Makulapnit at Devilla, Santa Cruz; Sibuyao at Malibago, Torrijos.

Ngayong taon, ang Barangay Makulapnit, Santa Cruz ay nasa ikalawang taon ng maintenance at protection ng 70 ektaryang agroforestry. Sa kasalukuyan ay tapos na ang kanilang quarter 1 & 2 accomplishment kung kaya on going na iyong pre-inspection sa tree planting na kanilang ginawa at ito ay regular na minomonitor ni FT1 Carlo Watiwat. Sa year 2 nila ay nakapagdagdag sila ng around 6,000 replanted seedlings para sa mga hindi pinalad mabuhay sa nakaraang taon.

Sa kanilang inilahad noong March 3, 2022 ay seedling production lamang ngayong taon ang gagawin subalit nagkaroon ng adjustments na dahilan upang magkaroon na rin ng plantation establishment ngayong taon. Nagkaroon umano sila ng mga pagpupulong sa mga Barangay at LGU na concern upang ipaliwanag sa kanila ang mga naging adjustments na ginawa ng ENGP.

## G. <u>Pagtatakda ng araw at lugar ng sunod na pagpupulong</u>

Ang ikatlong regular na pagpupulong ng PAMB para sa taong 2022 ay napagkasunduang isagawa sa ika-08 ng Setyembre 2022 sa *Malbog Sulfuric Spring*, Brgy. Malbog, Buenavista, Marinduque.

## H. <u>Pagtitindig sa pagpupulong</u>

Sapagkat wala ng iba pang usapin na tatalakayin, naghain ng mosyon si Kgg. Sabino R. Rojo upang pagtibayin ang pagtitindig sa pagpupulong sa ganap na ika-2:15 ng hapon na pinangalawahan ni Kgg. Reden G. Fidelino at sinang-ayunan ng lahat.

Sa *closing remarks* ni PASu Emeterio M. Recto ay pinasalamatan niya ang Tagapangulo at ang lahat ng mga dumalo sa ngalan ni RED Lormelyn E. Claudio, *PAMB Chairperson* dahil sa kanilang aktibong pakikilahok sa pagtatalakay ng mga isyung inilahad sa ginanap na pagpupulong.

Inihanda ni:

**EMETERIO M. RECTO**
Protected Area Superintendent
Kalihim ng PAMB

Pinatotohanan ni:

**RESTITUTO L. PABALAT**
Barangay Chairperson/Member, MWS-PAMB
(Pansamantalang Tagapangulo)

Pinagtibay:

**LORMELYN E. CLAUDIO,** *CESO IV*
Regional Executive Director, DENR MIMAROPA Region
Chairperson, PAMB-MWS

**KATITIKAN NG IKALAWANG REGULAR NA PAGPUPULONG NG MGA KASAPI NG PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (*PAMB*) EN BANC NG MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY (MWS) NA GINANAP NOONG IKA–24 NG HUNYO, 2022 SA PENRO CONFERENCE HALL, CAPITOL COMPOUND, BANGBANGALON, BOAC, MARINDUQUE**

| | PANGALAN | POSISYON/AHENSYA/BARANGAY |
|---|---|---|
| **MGA DUMALO:** | | |
| 1. | Kgg. Restituto L. Pabalat | Punong Barangay, Malbog, Buenavista *(Presiding Officer)* |
| 2. | Kgg. Dante M. Marinduque | Punong Barangay, Sihi, Buenavista |
| 3. | Kgg. Delfin R. Fellizar | Punong Barangay, Devilla, Santa Cruz |
| 4. | Kgg. Aristeo R. Rodil | Punong Barangay, Makulapnit, Santa Cruz |
| 5. | Kgg. Sabino R. Rojo | Punong Barangay, Malibago, Torrijos |
| 6. | Kgg. Jessie R. Peralta | Punong Barangay, Nangka, Torrijos |
| 7. | Kgg. Reden G. Fidelino | Punong Barangay, Sibuyao, Torrijos |
| 8. | Kgg. Lito M. Montiano | Barangay Kagawad, Binunga, Boac *(Rep.)* |
| 9. | Kgg. Christito Macayaon | Barangay Kagawad, Hinapulan, Boac *(Rep.)* |
| 10. | Kgg. Raquel L. Mirambil | Barangay Kagawad, Tumagabok, Boac *(Rep.)* |
| 11. | Kgg. Johnny C. Francisco | Barangay Kagawad, Bagtingon, Buenavista *(Rep.)* |
| 12. | Kgg. Alejandro Napigkit | Barangay Kagawad, Antipolo, Gasan *(Rep.)* |
| 13. | Kgg. Milton J. Magaling | Barangay Kagawad, Tiguio, Gasan *(Rep.)* |
| 14. | Gng. Neljoy B. Ilagan | Project Dev'l Officer II,PGDH-PG ENRO *(Rep.)* |
| 15. | G. Melvin Vitto | MENRO, LGU Buenavista *(Representative)* |
| 16. | Gng. Michaela T. Rongavilla | Chief, PAMBCS, *(Rep. of RED Loremelyn E. Claudio) via zoom* |
| 17. | G. Gerardo M. Jamilla | Sr. Tourism Operations Officer, Prov'l Tourism Office *(Rep.)* |
| 18. | Engr. Ryan Pastoral | MPDC, LGU Torrijos *(Representative)* |
| 19. | Dr. Doreen R. Mascareñas, Ph. D. | Director, Extension Services of MSC *(Academe)* |
| 20. | Gng. Elizabeth E. Manggol | Secretariat Head, MACEC-*(NGO)* |
| 21. | Bb. Jell Mariel P. Riego | MENRO Aide, LGU Santa Cruz *(Representative)* |
| 22. | G. Rolinio S. Sajul | Chairman, CBFM-PO |
| 23. | G. Kieth Paolo Buenaventura | KS II, DOST-Marinduque *(Representative)* |
| 24. | PCPT Aldrin Mutya | AGPCADU, PNP-MPPO *(Representative)* |
| 25. | G. Romeo M. Davalos, Jr. | SWMPO, LGU Boac *(Representative)* |
| **MGA HINDI DUMALO:** | | |
| 1. | Cong. Lord Allan Jay Q. Velasco | Speaker, House of the Representatives<br>Congressman, Lone District of Marinduque |
| 2. | Kgg. Victoria L. Lim | Punong Bayan, Mun. of Gasan, Marinduque |
| 3. | Kgg. Enrique P. Landig | Punong Barangay, Balagasan, Boac |
| 4. | Kgg. Gerry M. Malubag | Punong Barangay, Bayuti, Boac |
| 5. | Kgg. Crisostomo N. Monterey | Punong Barangay, Boi, Boac |
| 6. | Kgg. Alex N. Montiano | Punong Barangay, Canat, Boac |
| 7. | Kgg. Rolando P. Sapallo | Punong Barangay, Duyay, Boac |
| 8. | Kgg. Alejandro P. Opis | Punong Barangay, Tambunan, Boac |
| 9. | Kgg. Benjamin P. Larga | Punong Barangay, Tugos, Boac |
| 10. | Kgg. Rizal L. Basco, Jr. | Punong Barangay, Tabionan, Gasan |
| 11. | Kgg. Teodoro R. Ramos | Punong Barangay, Masalukot, Santa Cruz |

12. Kgg. Bernardo P. Pastoral Punong Barangay, Tambangan, Santa Cruz

## RESOLUSYON BILANG 2022-004

**"RESOLUSYON UPANG PAGTIBAYIN ANG KAPASIYAHAN NANG HINDI PAGBIBIGAY NG CLEARANCE O PAHINTULOT NA PAYAGAN PANG MAI-RENEW ANG DATING FOREST LAND GRAZING MANAGEMENT AGREEMENT (FLGMA) SA PANGALAN NI G. SANTIAGO S. ILAGAN NG BARANGAY SIHI, BUENAVISTA, MARINDUQUE AT KUNDISYON NA MAIBABA AT MATANGGAL NA NG PERMANENTE ANG LAHAT NG URI NG MGA HAYOP GAYA NG BAKA, KAMBING, KALABAW, KABAYO AT IBA PA NA PAG-AARI NILA, GAYUNDIN ANG PAGBABAWAL SA PAGPAPASTOL NG MGA HAYOP NA PAGMAMAY-ARI NG IBANG TAO SA LOOB NG PINANGANGALAGANG-POOK O MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY".**

***SAPAGKAT,*** ang Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) na may dalawang (2) parsela at kabuuang sukat na humigit kumulang 9,758.71 ektarya ay naideklara bilang isang pinangangalagaang pook (protected area) ayon sa Republic Act 7586 o ang National Integrated Protected Area System Act (NIPAS Act of 1992 na inamyendahan ng bagong batas na Republic Act 11038 o ang Expanded National Integrated Protected Area System (ENIPAS Act of 2018);

***SAPAGKAT,*** ang pangunahing layunin ng Protected Area Management Board (PAMB) ay mapangalagaan ang samu't-saring buhay na matatagpuan sa nasasakupan ng Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) sa pamamagitan ng likas-kayang pag-unlad tungo sa pangmatagalang kapakinabangan;

***SAPAGKAT,*** mayroong Grazing/Forest Land Grazing Management Agreement (FLGMA) na nakapangalan kay G. Santiago S. Ilagan, residente ng Brgy. Sihi, Buenavista na may Permit/Lease No. 549 at may kabuuang lawak na 100.70 ektarya na matatagpuan sa Brgy. Malibago, Torrijos na nai-isyu noong ika-03 ng Setyembre 1989 at pumaso na ang permit noong ika-12 ng Disyembre 2012;

***SAPAGKAT,*** sa pagpaso ng permit nito ay muli itong ini-aapply ng anak ng dating permittee sa katauhan ni G. Leopoldo Ilagan sa Tanggapan ng DENR na may petsang December 12, 2012 at Application No. 413 na hindi na nai-renew sapagkat hindi na ito pinayagan pa ng ahensya;

***SAPAGKAT,*** lumabas sa naging pagsisiyasat ng PASu sa mga record na kalakip ng permit/lease ay napatotohanan na hindi nakatugon at nagkaroon ng mga pagkukulang si G. Ilagan bilang FLGMA holder ;

***SAPAGKAT,*** nagkaroon ng pagsu-survey ang mga kinatawan ng Protected Area Office, taong 2017 sa lugar kung saan natukalasan ng kanilang Team na iba pala ang lawak ng lupa na kanilang ini-aapply sa pastuhan kaysa sa kanilang aktwal na ginagamit;

***SAPAGKAT,*** mayroong mungkahi upang ipatupad ng maigting ang nakasaad sa Batas kung saan ang pagpapastol ng mga hayop sa loob ng protected area ay mahigpit na ipinagbabawal at sa kadahilanan nito at upang higit na pagtibayin ang kapasiyahan na susugan ang naging kahilingan, ang lupon o PAMB ay nagkaisang gumawa ng resolusyon;

***SAPAGKAT,*** matapos paglimi-limiin at mapagdesisyunan ng lupon o PAMB na hindi na payagan pang mai-renew ang dating FLGMA sa pangalan ni G. Santiago S. Ilagan ng Barangay Sihi, Buenavista, Marinduque at kundisyon na maibaba at matanggal na ng permanente ang lahat ng uri ng mga hayop gaya ng Baka, Kambing, Kalabaw, kabayo at iba pa na pag-aari nila, gayundin ang pagbabawal sa pagpapastol ng mga hayop na pagmamay-ari ng ibang tao sa loob ng pinangangalagang-pook o Marinduque Wildlife Sanctuary ay malugod na iminungkahi ni Kgg. Sabino R. Rojo na ito ay pagtibayin na pinangalawahan ni Bb. Jell Mariel P. Riego.

Pinagtibay ngayong ika __24__ ng Hunyo, 2022 sa PENRO Conference Hall, Capitol Compound, Boac, Marinduque.

Inihanda:

**EMETERIO M. RECTO**
Protected Area Superintendent
Kalihim ng PAMB

Patotoo:

**RESTITUTO L. PABALAT**
Barangay Chairperson/Member, MWS-PAMB
(Pansamantalang Tagapangulo)

Pinagtibay:

**LORMELYN E. CLAUDIO** *CESO IV*
Regional Executive Director, DENR-MIMAROPA Region
Chairperson, PAMB

**KATITIKAN NG IKALAWANG REGULAR NA PAGPUPULONG NG MGA KASAPI NG PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (*PAMB*) EN BANC NG MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY (MWS) NA GINANAP NOONG IKA–24 NG HUNYO, 2022 SA PENRO CONFERENCE HALL, CAPITOL COMPOUND, BANGBANGALON, BOAC, MARINDUQUE**

| | PANGALAN | POSISYON/AHENSYA/BARANGAY |
|---|---|---|

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| 1. | Kgg. Restituto L. Pabalat | Punong Barangay, Malbog, Buenavista *(Presiding Officer)* |
| 2. | Kgg. Dante M. Marinduque | Punong Barangay, Sihi, Buenavista |
| 3. | Kgg. Delfin R. Fellizar | Punong Barangay, Devilla, Santa Cruz |
| 4. | Kgg. Aristeo R. Rodil | Punong Barangay, Makulapnit, Santa Cruz |
| 5. | Kgg. Sabino R. Rojo | Punong Barangay, Malibago, Torrijos |
| 6. | Kgg. Jessie R. Peralta | Punong Barangay, Nangka, Torrijos |
| 7. | Kgg. Reden G. Fidelino | Punong Barangay, Sibuyao, Torrijos |
| 8. | Kgg. Lito M. Montiano | Barangay Kagawad, Binunga, Boac *(Rep.)* |
| 9. | Kgg. Christito Macayaon | Barangay Kagawad, Hinapulan, Boac *(Rep.)* |
| 10. | Kgg. Raquel L. Mirambil | Barangay Kagawad, Tumagabok, Boac *(Rep.)* |
| 11. | Kgg. Johnny C. Francisco | Barangay Kagawad, Bagtingon, Buenavista *(Rep.)* |
| 12. | Kgg. Alejandro Napigkit | Barangay Kagawad, Antipolo, Gasan *(Rep.)* |
| 13. | Kgg. Milton J. Magaling | Barangay Kagawad, Tiguio, Gasan *(Rep.)* |
| 14. | Gng. Neljoy B. Ilagan | Project Dev'l Officer II,PGDH-PG ENRO *(Rep.)* |
| 15. | G. Melvin Vitto | MENRO, LGU Buenavista *(Representative)* |
| 16. | Gng. Michaela T. Rongavilla | Chief, PAMBCS, *(Rep. of RED Loremelyn E. Claudio) via zoom* |
| 17. | G. Gerardo M. Jamilla | Sr. Tourism Operations Officer, Prov'l Tourism Office *(Rep.)* |
| 18. | Engr. Ryan Pastoral | MPDC, LGU Torrijos *(Representative)* |
| 19. | Dr. Doreen R. Mascareñas, Ph. D. | Director, Extension Services of MSC *(Academe)* |
| 20. | Gng. Elizabeth E. Manggol | Secretariat Head, MACEC-*(NGO)* |
| 21. | Bb. Jell Mariel P. Riego | MENRO Aide, LGU Santa Cruz *(Representative)* |
| 22. | G. Rolinio S. Sajul | Chairman, CBFM-PO |
| 23. | G. Kieth Paolo Buenaventura | KS II, DOST-Marinduque *(Representative)* |
| 24. | PCPT Aldrin Mutya | AGPCADU, PNP-MPPO *(Representative)* |
| 25. | G. Romeo M. Davalos, Jr. | SWMPO, LGU Boac *(Representative)* |

**MGA HINDI DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| 1. | Cong. Lord Allan Jay Q. Velasco | Speaker, House of the Representatives<br>Congressman, Lone District of Marinduque |
| 2. | Kgg. Victoria L. Lim | Punong Bayan, Mun. of Gasan, Marinduque |
| 3. | Kgg. Enrique P. Landig | Punong Barangay, Balagasan, Boac |
| 4. | Kgg. Gerry M. Malubag | Punong Barangay, Bayuti, Boac |
| 5. | Kgg. Crisostomo N. Monterey | Punong Barangay, Boi, Boac |
| 6. | Kgg. Alex N. Montiano | Punong Barangay, Canat, Boac |
| 7. | Kgg. Rolando P. Sapallo | Punong Barangay, Duyay, Boac |
| 8. | Kgg. Alejandro P. Opis | Punong Barangay, Tambunan, Boac |
| 9. | Kgg. Benjamin P. Larga | Punong Barangay, Tugos, Boac |
| 10. | Kgg. Rizal L. Basco, Jr. | Punong Barangay, Tabionan, Gasan |

| | | |
|---|---|---|
| 11. | Kgg. Teodoro R. Ramos | Punong Barangay, Masalukot, Santa Cruz |
| 12. | Kgg. Bernardo P. Pastoral | Punong Barangay, Tambangan, Santa Cruz |

## RESOLUSYON BILANG 2022-005

**"RESOLUSYON UPANG KILALANIN AT TANGGAPIN NG KAPULUNGAN O PAMB ANG NAGING *ACCOMPLISHMENT* NG PROTECTED AREA MANAGEMENT OFFICE (PAMO) PARA SA UNA AT IKALAWANG KWARTER NG UNANG SEMESTRE PARA SA TAONG 2022".**

***SAPAGKAT,*** ang Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) na may dalawang (2) parsela at kabuuang sukat na humigit kumulang 9,758.71 ektarya ay naideklara bilang isang pinangangalagaang pook (protected area) ayon sa Republic Act 7586 o ang National Integrated Protected Area System Act (NIPAS Act of 1992 na inamyendahan ng bagong batas na Republic Act 11038 o ang Expanded National Integrated Protected Area System (ENIPAS Act of 2018);

***SAPAGKAT,*** ang pangunahing layunin ng Protected Area Management Board (PAMB) ay mapangalagaan ang samu't-saring buhay na matatagpuan sa nasasakupan ng Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) sa pamamagitan ng likas-kayang pag-unlad tungo sa pangmatagalang kapakinabangan;

***SAPAGKAT,*** ang Marinduque Wildlife Sanctuary na naideklarang protected area ay pinangangasiwaan ng Protected Area Management Board (PAMB) sa pangunguna at gabay ng Protected Area Superintendent (PASu);

***SAPAGKAT,*** sa bawat taon ang Protected Area Management Office (PAMO) ay mayroong nakalatag na planong nakapaloob sa Work and Financial Plan (WFP) at Implementation Plan tungkol sa patuloy na pangangasiwa at pamamahala ng protected area o ang Marinduque Wildlife Sanctuary;

***SAPAGKAT,*** bahagi ng gampanin ng PASu sa PAMB ang mag-ulat at magsumite ng report tungkol sa naging accomplishment ng Proteced Area Management Office (PAMO) na kanyang pinangunguluhan;

***SAPAGKAT,*** matapos ang kaukulang paglalahad sa kapulungan ng Protected Area Superintendent (PASu) ay napag-alaman na sa kasalukuyan ang karamihan sa proyekto ng Protected Area Management Office (PAMO) naggawa na, kasalukuyang ginagawa at gagawin pa bago matapos ang taong kasalukuyan.

**DAHIL DITO,** iminungkahi ni Kgg. Sabino R. Rojo na suportahan ng PAMB sa pamamagitan ng resolusyon ang inilahad na mga accomplishment ng PAMO para unang semester ng taong 2022 base sa ulat ni PASu Emeterio M. Recto na pinangalawahan ni Kgg. Jessie R. Peralta.

Pinagtibay ngayong ika-24 ng Hunyo, 2022 sa PENRO Conference Hall, Capitol Compound Barangay Bangbangalon, Boac, Marinduque.

Inihanda:

**EMETERIO M. RECTO**
Protected Area Superintendent
Kalihim ng PAMB

Patotoo:

**RESTITUTO L. PABALAT**
Barangay Chairperson/Member, MWS-PAMB
(Pansamantalang Tagapangulo)

Pinagtibay:

**LORMELYN E. CLAUDIO** *CESO IV*
Regional Executive Director, DENR-MIMAROPA Region
Chairperson, PAMB